Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

***Tanggapan ng Kalihim***
*Office of the Secretary*

JAN 07 2005

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 8 s. 2005

PAMBANSANG SEMINAR AT GAWAING PANGKAPULUNGAN SA FILIPINO

Sa mga: Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralang Elementarya at Sekundarya

1. Ang Samahan ng mga Guro sa Filipino sa pakikipagtulungan ng Kolehiyo ng Pagtuturo ng Pamantasan ng San Agustin, Iloilo City ay magdaraos ng isang Pambansang Seminar at Gawaing Pangkapulungan sa Filipino sa Abril 7-9, 2005 na idaraos sa Silid Pangkapulungan, Blanco Hall, Pamantasan ng San Agustin, Lungsod ng Iloilo.

2. Ang paksa ng seminar na ito ay **Litirasi sa Filipino Tugon sa 21 Dantaon ng Edukasyon: Gramatika, Pagbasa at Pagsulat.**

3. Ang mga layunin ng seminar na ito ay ang mga sumusunod:

a. mapataas ang propesyonalismo sa pagtuturo ng Filipino sa tatlong antas ng edukasyon;
b. mabatid at mailapat ang mga teorya at estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa Gramatika, Pagbasa at Pagsulat;
c. maipakita ang mga ito sa pamamagitan ng mga modelong pakitang-turo; at
d. makatulong sa paglinang ng Filipino.

4. Ang inaasahang dadalo ay ang mga gurong nagtuturo ng Filipino at Makabayan sa tersyarya, sekundarya at elementarya; pansangay at panrehiyong tagamasid sa Filipino at Makabayan, superbisor at mga tagapag-ugnay sa Filipino at Makabayan.

5. Ang rehistrasyon ay Isang Libong Piso (PhP1,000.00) na gagamitin sa honoraryum ng mga tagapanayam, tatlong pananghalian at anim na meryenda para sa tatlong araw, seminar kit at iba pang pangangailangan sa seminar.

6. Para sa iba pang kabatiran, makipag-ugnayan kay Dr. Teresita P. Hontiveros, Kolehiyo ng Pagtuturo, Pamantasan ng San Agustin, Gen. Luna St., Lungsod ng Iloilo.

7. Hinihiling ang madalian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

FLORENCIO B. ABAD
Kalihim

DepEd Complex, Meralco Ave., Pasig City 1600 633-7208/633-7228/632-1361 636-4876/637-6209 **Website:** www.deped.gov.ph

Sanggunian:
Wala

Pamumudmod: 1- -(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
TEACHERS

Draft by: Maricar/DM-Seminar sa Filipino
12-21-04/computer: madel